



Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Abril 17

BRAMPTON, ON (Abril 16, 2020) – Bilang tugon sa COVID-19 at para matiyak na ligtas na pinaglilingkuran ng Brampton Transit ang komunidad nito, ang serbisyo ng bus ay magbabago tulad ng sumusunod hanggang sa karagdagang abiso, simula Biyernes, Abril 17.

Ang sumusunod na mga ruta ay magbabalik sa serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes para suportahan ang access sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at mga lugar ng trabaho sa Brampton, at para mas mapabuti ang access at mga koneksyon sa ibang mga serbisyo ng Brampton Transit. Gagawin ang pinakamatinding mga pagsisikap para ma-sustain ang mga serbisyong ito gamit ang mga resource na meron tayo.

Route 8 Centre

Access sa Bramalea City Centre, Peel Memorial Centre at Brampton Gateway Terminal.

- 50-minuto ang dalas
- Unang trip na aalis sa 5 AM mula Bramalea Terminal
- Unang trip na aalis sa 5:50 AM mula Brampton Gateway Terminal

Route 9 Vodden

Access sa Mount Pleasant GO, Bramalea Terminal at mga lugar ng trabaho sa east end.

- 60-minuto ang dalas
- Unang eastbound trip na aalis sa 5 AM mula Mount Pleasant GO
- Unang westbound trip na aalis sa 5:57 AM mula sa Williams Parkway at Edvac Drive

Route 52 McMurchy

Access sa Downtown Terminal at Brampton Gateway Terminal.

- 50-minuto ang dalas
- Unang northbound trip na aalis sa 5 AM mula sa Brampton Gateway Terminal
- Unang southbound trip na aalis sa 5:20 AM mula Downtown Terminal

Bitahin ang www.bramptontransit.com para sa talaan ng mga ruta na kasalukuyang nagseserbisyo at kanilang mga iskedyul.

Itinalaga ang karagdagang mga resource sa ilan sa mas abalang ruta ng Brampton Transit habang patuloy tayo sa paglilimita ng mga karga ng bus sa kalahating nakaupo sa kapasidad para suportahan ang mga gawain ng paglayo mula sa iba. Ang layunin ay para magbigay ng sindaming serbisyo na



papayagan ng mga resource at para matiyak na ang lahat ng lugar sa lungsod ay may makatwirang access sa pampublikong transportasyon.

Mga pangkaligtasang hakbang sa COVID-19

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay ginagawa pa rin. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Kasalukuyang sina-sanitize ang mga bus kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw o surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Tanggapan ng Brampton Emergency Management para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca